

WELCOME

Magbahagi ng isang masayang pangyayari sa iyong pamilya.

WORSHIP

Sa nagdaang mga araw, sa paanong paraan naranasan mo ang tulong ng Diyos sa panahong nanghihina ka? Ipagpasalamat ito sa Diyos.

WORD

Layunin: *Pagkatapos ng araling ito, inaasahan ang bawat miyembro na...*



Head (Know): Makita ang laki ng saklaw ng kapangyarihan ng Diyos kung ikukumpara sa magagawa ng mga tao o ng iba pang nilikha ng Diyos.



Heart (Be): Mamangha sa dakilang kapangyarihan ng Diyos sa pagtingin sa Biblia ng mga katunayan ng kanyang kapangyarihan.



Hand (Do): Ilagak sa Diyos ang lahat ng kahinaan at magtiwala na siya ang magbibigay ng lakas para sa pagharap ng mga pagsubok sa buhay.

Panimula

1. Mag-isip ng isang tao o bagay na maituturing na “makapangyarihan.” Paano ito naging “makapangyarihan”? Sa iyong palagay, ano ang magagawa ng isang tao o bagay na higit pa sa nabanggit?

Tulay tungo sa Talakayan: Marami tayong maiisip na mga tao o bagay na makapangyarihan ngunit wala ni isa man sa kanila ang makahihigit sa kapangyarihan ng ating Diyos. **Our God is an all-powerful God.** Walang bagay na mahirap para sa kanya. Mayroon siyang kakayahan at lakas na gawin ang lahat ng bagay. At ang kanyang lakas ang pinanggagalingan ng ating kalakasang espirituwal.

Talakayan

2. Basahin ang Awit 33:6, Isaias 44:24, at Hebreo 1:3. Paano makikita ang kapangyarihan ng Diyos sa kanyang paglikha sa sanlibutan? Si Cristo ba ay mayroon ding ganoong klaseng kapangyarihan? Patunayan.

3. Basahin ang Filipos 1:6 at Judas 24-25. Paano ipinapakita ng Diyos ang kanyang kapangyarihan sa pagliligtas sa atin?

4. Basahin ang Efeso 1:19. Ano ang ipinapanalangin ni Pablo? Paano ito mangyayari sa atin?

5. Basahin ang Jeremias 32:27 at Filipos 4:13, 19. Paano makatutulong ang kapangyarihan ng Diyos sa ating mga kahinaan at sa ating mga pangangailangan?

6. Alalahanin ang isang pagsubok na pinagdaanan mo. Paano mo ito hinarap? Sa paanong paraan nakatulong ang kapangyarihan ng Diyos para maging matatag ka sa gitna ng pagsubok na ito?

Pagsasabuhay

7. Kung nanghihina ang iyong pagtitiwala sa Diyos, paano ka makatitiyak na ikaw ay magpapatuloy sa iyong paglakad sa pananampalataya?

8. Suriin kung paano mo hinarap ang mga nagdaang pagsubok at tukso sa buhay mo. Ihingi ng tawad kung nanangan ka sa sariling lakas mo sa pagharap sa mga ito. Ngayon, anu-ano ang maaari mong gawing hakbang upang mas maranasan ang kapangyarihan ng Diyos sa buhay mo?

Memory Verse of the Week

Ako si Yahweh, ang Diyos ng lahat ng tao; walang bagay na mahirap para sa akin. (Jeremias 32:27)

WORKS

Alamin ang panalangin ng bawa't isa tungkol sa kanilang pamilya. Ilapit sa Diyos ang mga kapamilyang di pa tagasunod ni Cristo. Pag-usapan kung anong paraan ang gagawin ng Kaagapay para tulung-tulong na umabot sa pamilya ng bawa't isa.